Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG NOBYEMBRE 12, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:10 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT | ......... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | ......... | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas | ......... | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca | ......... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ......... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ......... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ......... | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit | ......... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ......... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Ramon D. Tan | ......... | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion | ......... | Kagawad |

## KAPASIYAHAN BLG. 155-T'07

**KAPASIYAHANG IPINAGPAPATULOY MULA NOBYEMBRE 16 HANGGANG NOBYEMBRE 30 NG TAONG ITO ANG PAGSUSUSPINDE SA KAUTUSANG BAYAN BLG. 04-T'06 HINGGIL SA UMIIRAL NA BATAS-TRAPIKO SA BAYANG ITO UPANG BIGYANG-DAAN ANG ISINASAGAWANG PAGSUBOK / EKSPERIMENTO UKOL DITO.**

**SAPAGKA'T**, itinakda, ayon sa kahilingan ng Kgg. Punong Bayan Ariel T. Magcalas ang pagsususpinde ng umiiral na batas-trapiko sa bayang ito upang bigyang-daan ang pagbabago ng ruta ng mga sasakyan bilang pagsubok / eksperimento ukol dito, na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 132-T'07.

**SAPAGKA'T**, muling nagsagawa ng kahilingan ang Kgg. Punong Bayan Ariel T. Magcalas, na iniatas sa Pambayang Administrador na palawigin pa mula Nobyembre 16 hanggang 30 ng taong ito ang naturang pagsubok sa trapiko para sa karagdagang pag-aaral at pagsubaybay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa kapakanang pangkagalingan sa mungkahi ng Kgg. Kag. Alden A. Sulit, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmat at Ricardo B. Ramirez at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Ipinagpapatuloy mula Nobyembre 16 hanggang Nobyembre 30 ng taong ito ang pagsususpinde sa Kautusang Bayan Blg. 04-T'06 hinggil sa umiiral na Batas-Trapiko upang bigyang-daan ang isinasagawang pagsubok / eksperimento ukol dito.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Kagawaran ng Pulisya, Sta. Cruz Traffic Management Office, Liga ng mga Barangay at Samahan ng mga Magtatraysikel at Jeepney, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan